

Sabawan Mo Ang Tuyot Kong Ulam: Ang RAISON D'ÊTRE ng PEOPLE vs. R.R.D.

Gerard P. Concepcion
gpconcepcion2@up.edu.ph

A. Ang Naratibo ng / sa Kaitaas-taasan

Ghorl, eto ako ha, nasa taas lang, nagmamatyag, naka-cloud 9. Nagyo-yosi break kasama ng mga anghel habang pinapanood si Duts sa baba na parang nag-o-audition sa *Ang Probinsyano*, pero in real life. At ang peg? War on Drugs daw! Eme! War, mga accla! Hindi man lang chukchakan battle o charot showdown. War agad-agad?! Grabe ka, ser! So ayan si Duts, lakas maka-butch queen. Pa-heavy drama, pa-astig, pa-I don't need your approval emerlu. Tapos nagdeklara siya ng war on drugs na ang vibe ay parang: Mga accla, lilinin natin 'to! Ayoko ng mga chaka sa kanto! Ganern ang energy. At ang mga tao? Klap klap klap, go ghorl! Slay! Serve! Hindi man lang nagtanong kung legit ba 'yung sinerve niyang solution. Basta astig? G ganern? Pero ako sa taas, naka-handfan, rolling my heavenly eyes na parang: Ay ghorl, is that you? Giyera talaga? Walang ka-miss universe answer? Walang pasok ng empathy? Wala bang ate Charo moment? Tapos ayun na nga, Tokhang tokhang charot charot. Boom boom wow. May mga pulis patola na biglang nag-ala action star. May mga nililista, tapos may mga lista agad sa kabilang life. Ako naman, megatron akong napahawak sa pearls ko: Mga anak, baka

CONCEPCION

Sabawan Mo Ang Tuyot Kong Ulam: Ang RAISON D'ÊTRE ng PEOPLE vs. R.R.D.

naman pwedeng dahan-dahan? Pero hindi, ayan na. Chenes patintero ang buhay ng mga citizenships! May pa-knock knock sa door pero pwedeng good luck, pwedeng goodbye. I remember Marco, a.k.a. the 16-year-old bida sa panaginip ko. Payat, laspag sa stress, mukhang hindi pa nagme-merienda. Lumapit sa akin sa dream sequence, parang contestant sa *Wish Ko Lang*. Sabi niya: Tito God, hindi masama ang papa ko, bakit siya dinala? Sabi nila drug something daw. Pero ang totoo, gusto niya lang may pang-ulam kami. At ako sa taas: Oh may ghad anak, sino ba ang nagsulat ng script na 'to? Sino ang director?! This is too dark for primetime! Ganun pala, may mga biktima na hindi sumali sa contest pero nanalo ng condolences! Hindi sila addict, hindi sila pusher, hindi sila kasama sa plan pero kasama sa casualties. O 'di ba? Kahit sa giyera, may mga plus one na hindi naman invited. Siyempre, may fans talaga ang lolo mo. Yassssss, papa Duts, go, linisin ang bayan! Pero kung linis 'yan, bakit parang mas maraming nawala kaysa dumami ang peace? At bakit laging dukha at pureza ang tinitigi? Besh, hindi ba dapat kung maharlika at afford ang drug lords, sila ang target? Pero bakit parang puro kapitbahay ni Aling Bebang ang nauubos? Ako talaga, as in napa-pabebe wave sa frustration. Naisip ko na lang: Ay mga cyst, hindi ko na kaya mag-interfere. Free will is real, mga accla. Kayo na bahala diyan. Pero syempre, marites pa rin ako in a divine way. Pinapanood ko kayo habang nagkakandarapa sa baba. Mga pulis patola na hindi sure kung tama ba ang ginagawa nila. Mga pamilyang bigla na lang naging incomplete. Mga batang lumalaking puro trauma at wala man lang teddy bear. At si Duts? Still serving tough talk realness. Parang walang filter. Parang laging on live stream. Pero sige, sabi ko sa sarili ko: Ghorl, kalma. Makaka-survive din sila hopefully. In the end mga accla, heto ang chika: Hindi nagkakaroon ng peace kapag ang puhunan ay takot. Hindi nagkakaroon ng justice kapag ang konsepto ng solusyon ay kill kill kill. Hindi nagiging safe ang bayan kung ang sagot sa sakit ay mas malalang sakit. At yes, kahit ganyan kayo sa baba, love ko pa rin kayo. Kahit ang toxic n'yo minsan. Pero wish ko lang, next time na maghanap kayo ng leader, baka pwede namang hanap kayo ng hindi war freak? Yung marunong magplano, hindi pumatay? Yung marunong magpatawa pero hindi magpa-trauma? Yung may puso hindi puro tapang? Char! Love you all!

B. Ang Proseso ng / sa Paglilitis

Step 1: Dumating sa silid ang Akusado

(tick appropriate boxes)

- ☐ nakokonsensiya
- ☐ state visit ang peg
- ☐ suot ang barong na amoy pulbura
- ☐ walang bitbit na abogado, kundi anino

"Ako ang batas."

Note in transcript: accused declared self as a sovereign force.

Step 2: Lupon ng mga Saksi

# Pangalan	Estado	Patunay sa Kaso
Kian Loyd delos Santos	Patay	CCTV Footage Duguan hoodie Bala sa likod ng ulo
Carl Angelo Arnaiz	Patay	Junk Foods, Kinaladkad, binugbog, pinaluhod, bago binaril ng 4 na beses sa dibdib
Reynaldo "Kulot" de Guzman	Patay	Binalot ang ulo sa packaging tape, 30 saksak sa buong katawan
Lolang anonymous	Buhay	Bitbit ang retrato ng pinaslang na apo
Jennelyn, isang ina	Buhay	Bitbit ang mga buto ng anak sa trash bag

CONCEPCION


Sabawan Mo Ang Tuyot Kong Ulam: Ang RAISON D'ÊTRE ng PEOPLE vs. R.R.D.

7,742 na multo (pending ang registration)	Patay	Salaysay ng mga kaanak
Diyos (?)	Hindi matiyak	Hindi sumipot, hindi rin makontak

"May Death Certificate ba kayo?"

Note in transcript: God is stupid.

3. Deposition Flowchart



"In Davao I used to do it personally. Just to show to the guys that if I can do it, why can't you... I was really looking for a confrontation so I could kill."

Note in transcript: Lights in courtroom flickered, accused glowing in purple aura.

4. Verdict: In progress... (25% Buffering...)

(tick appropriate boxes)

- ☐ Divine intervention
- ☐ Human Rights Violation
- ☐ Crimes against humanity

"Putang-ina ninyong lahat!"

Note in transcript: Accused experienced blood pressure increase of 160/100

5. Post-Trial Notes

Hindi sumunod ang mga multo sa court room protocols

Bumaba sa 4 °C ang temperatura ng court room

Hiningan ng closing statement ang
akusado: Tumawa lang siya.

Laging mag-iwan ng isang bakanteng
upuan: *Reserved for Justice*

(Bulong ng janitor: Hindi yata hustisya ang nais nila, kundi alaala)
(Sigaw ng mga panatiko: Bring Tatay Home!)

6. END OF DOCUMENT

CASE STATUS: UNRESOLVED

PERMANENTLY FILED: MEMORY

HISTORY REPEATS ITSELF: THE FIRST AS TRAGEDY, THEN AS
FARCE

CONCEPCION

Sabawan Mo Ang Tuyot Kong Ulam: Ang RAISON D'ÊTRE ng PEOPLE vs. R.R.D.

Do not file case under Past.

File case under Memory.

Note: Case will reopen in academic discussions, protests, nightmares, collective memory, books.

C. Sanaysay ng Isang Grade 6 mula sa Taong 2046 hinggil sa War on Drugs ni Duterte

Pangalan: Pina P. Limot

Class #: 189

Subject: Makabayan

Section: 6 Matalino

Noong 2016, nagsimula ang isang malaking giyera sa Pilipinas na tinawag na War on Drugs ni Pangulong Duterte. Sabi ng mga guro ko at ng mga libro sa kasaysayan, ang digmaang ito ay isang magandang hakbang para malinis ang ating bansa mula sa mga masasamang tao na gumagamit ng droga. Si Pangulong Duterte ay naging matapang at nagdesisyon na tapusin ang lahat ng mga drug lords at drug addicts para maging mas ligtas ang lahat ng mga Pilipino.

Ayon sa mga libro, ang mga uri ng droga ay masama sa katawan at sa isip. Kaya, si Pangulong Duterte ay nagsabi na kailangang puksain ang mga drug addicts at drug pushers upang maging malinis ang ating mga komunidad. Kaya naman, binigyan siya ng papuri dahil sa lakas ng kanyang loob na labanan ang droga. Ang mga operasyon ng pulisya ay naging mabilis at tapat. Walang oras na nasayang, at agad na natapos ang problema sa droga.

Sabi ng mga guro ko, maraming pamilya ang naging masaya dahil sa ginawang paglilinis ni Duterte. Ang mga kapitbahay na may masamang mga bisyo ay tinulungan niyang mawala, kaya ang mga kalsada ay naging mas ligtas at tahimik. Naging mas maganda at panatag ang buhay ng mga tao. Naging ligtas ang mga bata sa mga masasamang tao at kampante na raw maglakad-lakad sa gabi dahil hindi na sila takot sa mga adik.

Nalaman ko rin sa aming mga aralin na ang mga biktima ng War on Drugs ay mga masasamang tao. Wala na raw silang karapatang mabuhay kasi sila ay nagiging masama sa ating bansa. Pinili ng gobyerno na hindi na sila hayaan pa. Kaya, sinasabi nila sa mga libro, na ito ang pinakamahusay na solusyon para tapusin ang problema sa droga.

Si Pangulong Duterte ay parang isang bayani sa aking mga mata. Siya ay matapang na lider na nagdala ng kaligtasan at kaayusan sa Pilipinas. Binago niya ang lahat ng mga lugar na puno ng mga masasamang tao, kaya ang mga mamamayan ay naging masaya at ligtas. Ang mga operasyon ng pulisya ay naging tapat at walang kalokohan. Kaya, masaya ako at hindi na ako takot sa salot na dulot ng droga, kasi alam kong si Duterte ang dahilan kung bakit ligtas kami ngayon.

Ang sabi nga ng mga guro ko, "Sa lahat ng pinuno sa Pilipinas, si Duterte ang pinakamagaling!" Hindi na kami takot sa paglaganap ng gamit ng droga ngayon. Salamat kay Pangulong Duterte at sa mga matatapang na pulis na tumulong sa paglilinis ng Pilipinas. Kaya, dapat siyang pasalamatan ng mga tao, dahil siya ang nagdala ng kaayusan at kaligtasan sa ating bansa.

D. Browsing History

Recent

Kian Loyd delos Santos
Carl Angelo Arnaiz
Reynaldo "Kulot" de Guzman
7,742 drug related deaths



Si **Gerard P. Concepcion** ay nagkamit ng mga digring Bachelor of Secondary Education, MA Philippine Studies, at PhD Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagturo bilang Visiting Professor sa Busan University of Foreign Studies sa South Korea noong 2019 hanggang 2020 ng mga subject sa kultura at wikang Filipino. Kasalukuyang nagsisilbi bilang Propesor at Katuwang na Tagapangulo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman.